

# Mga pagbabago sa patakaran ng pagpapatala (enrolment)

## Impormasyon para sa mga pamilya

## Bakit piliin ang pampublikong edukasyon?

Ang sistema ng pampublikong edukasyon sa NSW ay nagbibigay sa lahat ng mga mag-aaral ng isang napakahusay na edukasyon, na naghahanda sa mga bata na magtagumpay at bumuo ng mas mabuting mga komunidad para sa hinaharap. Gamit ang komprehensibo, mataas na kalidad ng mga pagpipilian ng edukasyon at walang kapantay na mga karagdagang oportunidad (co-curricular opportunities) sa Agham, Teknolohiya, Pag-iinhinyero (Engineering), Matematika, sining, palakasan (sport) at iba pa, ang aming magkakaiba at napapabilang na mga pampublikong paaralan ay sumusuporta sa bawat mag-aaral na makamit ang kanilang buong potensyal.

## Ano ang patakaran ng enrolment?

Ang patakaran ng enrolment ay tumutulong sa mga paaralan na makamit ang kanilang mga obligasyon sa ilalim ng Batas ng Edukasyon (Education Act 1990), na nagpapatiyak na lahat ng mga mag-aaral ay makakapunta sa kanilang lokal na pampublikong paaralan. Nagbibigay rin ang patakaran ng malinaw na impormasyon sa mga kawani at sa komunidad tungkol sa kung paano pinangangasiwaan ang mga enrolment sa mga pampublikong paaralan ng NSW.

## Bakit nagbabago ang patakaran?

Kumonsulta ang NSW Department of Education sa mga kasosyo sa edukasyon, mga samahan ng komunidad at mga pangkat sa pamumuno ng paaralan tungkol sa kasalukuyang patakaran ng enrolment. Nakatanggap kami ng makabuluhang mga puna hinggil sa kahalagahan ng pagtugon sa mga hadlang na nararanasan ng mga pamilya kapag sinusubukang mag-enrol sa mga pampublikong paaralan ng NSW. Ang binagong patakaran ay tumutugon sa mga hadlang na ito at nakahanay sa pangako ng kagawaran sa pagbubuo at pagpapanatili ng isang patas at nagagamit na sistema ng pampublikong paaralan.

## Ano ang mga pagbabago?

Ang mga sumusunod na mga pagbabago ay inilalapat sa lahat ng mga enrolment na magsisimula sa Termino 1 2025.

### Mga temporary resident (pansamantalang residente)

Lahat ng mga mag-aaral na nasa isang temporary resident visa (visa ng pansamantalang residente) ay makaka-enrol na sa kanilang lokal na paaralan, batay sa kanilang mga address ng tirahan.

Hindi kakailanganin ang mga bayad sa enrolment para sa mga pamilyang nasa rehiyon na may hawak (regional holders) ng Temporary Skills Shortage visa (subclass 482), iyong mga nakatira sa labas ng greater Sydney at Wollongong.



NSW GOVERNMENT

### Binagong kriterya para sa mga non-local enrolment (hindi lokal na enrolment)

Ang mga pampublikong paaralan ng NSW ay may mga partikular na lokal na lugar ng enrolment. Ang designated intake areas (mga itinalagang lugar ng pagkuha) ay pinapagpasyahan ng kagawaran. Sinisiguro ng mga paaralang ito na mayroong sapat na puwesto para sa mga mag-aaral na nakatira sa kanilang lokal na lugar ng enrolment. Maaari kang mag-apply na i-enrol ang iyong anak sa labas ng iyong itinalagang lugar bilang isang 'non-local enrolment' (hindi lokal na enrolment), kung mayroong natitirang puwesto.

Gagawing priyoridad ng binagong kriterya ang mga non-local enrolment para sa mga kapatid ng mga kasalukuyang naka-enrol na mga mag-aaral, na kung saan ay binibigyang priyoridad ang mga kapatid ng mga mag-aaral na naka-enrol sa mga support classes (mga klase para sa mga may kapansanang intelektwal o pisikal) sa mga kwalipikadong karaniwang mga paaralan.

Sa ilalim ng binagong kriterya, maaari na ring ituring ng mga paaralan sa mga non-local enrolment ang mga anak ng mga kawani ng paaralan.

## Mga Madalas na Itinatanong

### Magagamit ba sa aking anak ang mga pagbabagong ito?

Ang mga pagbabago sa enrolment sa mga pampublikong paaralan ng NSW ay nailalapat sa iyo kung:

- ang iyong anak ay nasa edad upang makapasok sa paaralan at nasa isang temporary resident visa, o
- ang iyong anak ay nasa edad upang makapasok sa paaralan at mayroong isang kapatid na kasalukuyang naka-enrol sa ibang pampublikong paaralan ng NSW at gusto mo silang pumapasok sa parehong paaralan. Ang kakayahan ng isang paaralan na tanggapin ang enrolment ng iyong anak ay depende sa kanilang kapasidad at kriterya ng pagiging kwalipikado.
- ikaw ay isang miyembro ng kawani sa isang pampublikong paaralan ng NSW na nasa labas ng designated intake area (itinalagang mga lugar ng pagkuha) ng iyong anak. Ang kakayahan ng isang paaralan na tanggapin ang enrolment ng iyong anak ay depende sa kanilang kapasidad at kriterya ng pagiging kwalipikado.

### Kailangan bang gamitin ng bawat paaralan na ang mga pagbabagong ito?

Lahat ng mga paaralan ay kinakailangan na gamitin ang lahat ng mga pagbabago para sa mga mag-aaral na may temporary resident visa.

Karamihan sa mga paaralan, depende sa kanilang kapasidad, ay kinakailangang gamitin ang mga pagbabago para sa mga non-local enrolment para sa mga mag-aaral na mag-eenrol para sa Termino 1, 2025.

Ang mga pagbabago sa patakaran ng enrolment para sa mga mag-aaral na temporary resident at mga hindi lokal na mag-aaral ay hindi makakaapekto sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa mga espesyalistang katayuan o mga programa. Ang mga paaralan na may kriterya ng pagiging kwalipikado kabilang ang mga lubos na selective na paaralan, mga paaralan para sa mga partikular na layunin (schools for specific purposes (SSPs)), mga paaralang distance education, at mga paaralan na may mga klase o mga programang may partikular na mga kinakailangan para sa pagiging kwalipikado (halimbawa, mga opportunity class, specialist sports at/o visual arts streams) ay magpapatuloy na susundin ang kanilang kasalukuyang proseso ng enrolment.

Ang mga may iisang kasarian (single-sex) na paaralan ay dapat na gamitin ang mga pagbabago kung natutugunan ang nag-eenrol na bata ang mga kinakailangan ng paaralan para sa kasariang iyon. Magtanong sa nararapat na paaralan kung paano gagamitin ang mga pagbabagong ito.

### Kung ang aking anak ay kapatid ng isang kasalukuyang naka-enrol na mag-aaral, awtomatiko bang tatanggapin ang kanyang aplikasyon para sa non-local enrolment?

Ang mga pagbabagong ito ay hindi gumagarantiya na makakapag-enrol ang iyong anak sa parehong hindi lokal na pampublikong paaralan na kagaya ng kanilang kapatid. Gagawing priyoridad ng mga paaralan ang mga non-local enrolment para sa mga kapatid ng mga kasalukuyang naka-enrol na mga mag-aaral hangga't maaari, ngunit ang pagtanggap ng kanilang aplikasyon ay maaaring nakadepende sa kapasidad ng paaralan. Makipag-ugnayan sa paaralan para sa karagdagang impormasyon.

### Nangangahulugan ba ito na ang mga kapatid lamang ang tatanggapin bilang mga non-local enrolment mula ngayon?

Hindi, maaari ka pa ring mag-aplay na i-enrol ang iyong anak sa anumang pampublikong paaralan kung kwalipikadong pumasok ang bata at maaaring tanggapin ng paaralan ito. Dapat na gawing priyoridad ngayon at isaalang-alang ng mga paaralan ang mga aplikasyon gamit ang binagong kriterya ng non-local enrolment (kabilang ang kriterya na may kaugnayan sa mga pangangailangang kapakanan ng mag-aaral), na nagbibigay ng priyoridad sa mga kapatid ng kasalukuyang naka-enrol na mga mag-aaral at bibigyang konsiderasyon din ang mga anak ng mga kawani ng paaralan.

### Awtomatiko bang tatanggapin ang mga non-local enrolment para sa mga anak ng mga kawani ng paaralan?

Hindi. Gagawing priyoridad ng mga paaralan ang mga hindi lokal na aplikasyon para sa mga kapatid ng mga kasalukuyang naka-enrol na mga mag-aaral, pagkatapos ay maaaring bigyang-konsiderasyon ang mga non-local enrolment para sa mga anak ng mga kawani ng paaralan. Kung ikaw ay isang kawani ng paaralan, ang pagtanggap sa iyong anak ay maaaring magdedepende sa kapasidad ng paaralan. Ang binagong kriterya ng non-local enrolment ay hindi makakaapekto sa karapatan ng iyong anak na mag-enrol sa kanilang lokal na paaralan.

## Ang enrolment ng mga mag-aaral na nasa temporary resident visa

**Ang aking anak ay nasa isang temporary resident visa. Nag-aplay ako dati na i-enrol siya sa kanyang lokal na paaralan ngunit ang aplikasyon ay tinanggihan. Maaari ko bang muling isumite ang aplikasyon ng enrolment ng aking anak?**

Maaari mong muling isumite ang iyong aplikasyon sa enrolment kung ang iyong anak ay nasa temporary resident visa at ang kanilang dating aplikasyon sa iyong lokal na paaralan ay tinanggihan. Mangyaring sundin ang mga hakbang na nakabalangkas sa seksyon sa ibaba na "Paano ko mapapalitan kung saan ko nai-enrol ang aking anak para sa 2025?"

**Ang aking anak ay nasa isang temporary resident visa at nai-enrol ko na ang aking anak sa isang paaralan para sa 2025. Maaari ko bang palitan kung saan ko nai-enrol ang aking anak?**

Kung ang iyong anak ay nasa isang temporary resident visa at naka-enrol na sa isang paaralan para sa 2025, maaari kang mag-aplay na palitan kung saan sila kasalukuyang naka-enrol. Mangyaring sundin ang mga hakbang na nakabalangkas sa seksyon sa ibaba na "Paano ko mapalitan kung saan ko nai-enrol ang aking anak para sa 2025?"

**Paano ko mapapalitan kung saan ko nai-enrol ang aking anak para sa 2025?**

Kailangang sundin ng mga magulang o mga tagapag-alaga ng mga mag-aaral na nasa isang temporary resident visa ang mga hakbang na ito upang mapalitan ang kanilang enrolment sa kanilang lokal na paaralan:

1. Makipag-ugnay sa Temporary Residents Program team sa pamamagitan ng telepono sa 1300 300 229 (opsyon 1) o sa pamamagitan ng email sa tempvisa@det.nsw.edu.au upang humingi ng isang pagpapalit ng paaralan para sa iyong anak. Ipapaalam sa iyo ng Temporary Residents Program team kapag nakumpleto na ang paglipat sa paaralan para sa iyong anak.
2. Makipag-ugnay sa iyong lokal na paaralan upang i-enrol ang iyong anak. Bibigyan ka ng paaralan ng isang papel na porma ng aplikasyon na kailangan mong kumpletuhin upang magpa-enrol. Hanapin ang mga detalye ng pagkontak sa iyong lokal na paaralan sa education.nsw.gov.au/find-a-public-school

**Ang aking anak ay isang temporaryong residente na may visa na hindi isang 482 visa. Kailangan ko bang magbayad ng mga enrolment fee?**

Ang bayad sa aplikasyon at matrikula para sa temporaryong residente upang mag-enrol sa isang paaralan ng pamahalaan ay kadalasang kinakalkula gamit ang visa subclass na hawak ng mag-aaral. Para sa detalyadong impormasyon sa mga bayaring nararapat sa iyong visa subclass, mangyaring bisitahin ang website ng DE International: deinternational.nsw.edu.au/study-options/study-programs/temporary-residents. Kung hindi ka pa sigurado kung magagamit mo ang hindi pagbabayad sa bayarin (isang fee waiver), maaari kang makipag-ugnay sa Temporary Residents Program team sa tempvisa@det.nsw.edu.au

# Enrolment para sa mga kapatid na hindi lokal

**Nag-apply ako na i-enrol ang aking anak sa paaralan na pinapasukan ng kanyang kapatid ngunit tinanggihan ang kanyang aplikasyon. Maaari ko bang muling isumite ang aplikasyon ng enrolment ng aking anak?**

Kung nag-apply kang i-enrol ang iyong anak sa hindi lokal na paaralan ng kanyang kapatid at tinanggihan ang aplikasyon, mangyaring sundin ang mga hakbang na nakabalangkas sa seksyon sa ibaba na "Paano ko mapapalitan kung saan ko nai-enrol ang aking anak para sa 2025?" to resubmit.

**Nai-enrol ko ang aking anak sa isang paaralan para sa 2025, ngunit ang kanyang kapatid ay naka-enrol sa ibang hindi lokal na paaralan. Maaari ba akong mag-apply na palitan kung saan siya naka-enrol?**

Kung gusto mong palitan ang paaralan kung saan naka-enrol ang iyong anak para sa 2025 sa parehong hindi lokal na paaralan na kasalukuyang naka-enrol ang kanyang kapatid, mangyaring sundin ang mga hakbang na nakabalangkas sa seksyon sa ibaba na "Paano ko mapapalitan kung saan ko nai-enrol ang aking anak para sa 2025?"

**Paano ko mapapalitan kung saan ko nai-enrol ang aking anak para sa 2025?**

Ang mga magulang o mga tagapag-alaga na gustong i-enrol ang kanilang anak sa parehong hindi lokal na paaralan na kagaya ng kanilang kapatid ay kailangang sundin ang mga hakbang na ito upang mapalitan ang kanilang enrolment:

## Mga aplikasyon ng enrolment sa online

1. Magpunta sa website ng paaralan na gusto mong mag-apply na mag-enrol, at pagkatapos ay i-click ang "enrolment" sa menu options.
2. Sa enrolment webpage, sa ilalim ng heading na "how to enrol" (paano mag-enrol), i-click ang link na papunta sa "online enrolment application".
3. Kapag naisumite mo na ang iyong aplikasyon upang mag-enrol, maaaring bibigyan ka ng paaralan ng isang alok na kakailanganin mong tanggapin sa loob ng 14 araw.
4. Kung tinanggap na ang iyong aplikasyon, makipag-ugnay sa paaralan kung saan ang iyong anak ay dating naka-enrol para sa 2025 upang bawiin ang enrolment na iyon.

## Mga pormang papel na aplikasyon

1. Makipag-ugnay sa paaralan ng kapatid ng iyong anak upang malaman kung maaari nilang kunin ang iyong anak.
2. Kung maaaring tanggapin ng paaralan ang iyong anak, kumpletuhin ang isang pormang papel na aplikasyon, na maaaring ibigay ng paaralan.
3. Kapag naisumite mo na ang iyong pormang aplikasyon upang mag-enrol, maaaring bibigyan ka ng paaralan ng isang alok na kakailanganin mong tanggapin sa loob ng 14 araw.
4. Kung tinanggap na ang iyong aplikasyon, makipag-ugnay sa paaralan kung saan ang iyong anak ay dating naka-enrol para sa 2025 upang bawiin ang enrolment na iyon.

**Nagsumite ako ng isang Pagpapahayag ng Pagkainteresado (Expression of Interest (EOI)) para sa paglipat mula Year 6 papuntang 7 sa 2025. Maaari ko bang palitan kung saan ko nai-enrol ang aking anak?**

Ang EOI para sa paglipat mula Year 6 papuntang 7 ay nasarhan na at sa gayong dahilan ay hindi na maaaring makagawa ng mga pagbabago ang mga magulang at tagapag-alaga sa kanilang listahan ng piniling paaralan para sa 2025.

Kung gusto mong mapalitan ang paaralan kung saan mo nai-enrol ang iyong anak para sa 2025 papunta sa parehong hindi lokal na paaralan na pinapasukan ng kanilang kapatid, dapat mong sundin ang mga sumusunod na hakbang:

## Mga aplikasyon ng enrolment sa online

1. Magpunta sa website ng paaralan na gusto mong mag-apply na mag-enrol, at pagkatapos ay pindutin ang "enrolment" sa menu options.
2. Sa enrolment webpage, sa ilalim ng heading na "how to enrol" (paano mag-enrol), pindutin ang link na papunta sa "online enrolment application".
3. Kapag naisumite mo na ang iyong aplikasyon upang mag-enrol, maaaring bibigyan ka ng paaralan ng isang alok na kakailanganin mong tanggapin sa loob ng 14 araw.
4. Kung tinanggap na ang iyong aplikasyon, makipag-ugnay sa paaralan kung saan ang iyong anak ay dating naka-enrol para sa 2025 upang bawiin ang enrolment na iyon.

### Mga pormang papel na aplikasyon

1. Makipag-ugnay sa paaralan ng kapatid ng iyong anak upang malaman kung maaari nilang tanggapin ang iyong anak. Hanapin ang pagkontak sa paaralan sa: education.nsw.gov.au/find-a-public-school.
2. Kung maaaring tanggapin ng paaralan ang iyong anak, kumpletuhin ang isang pormang papel na aplikasyon, na maaaring ibigay ng paaralan.
3. Kapag naisumite mo na ang iyong papel na aplikasyon upang mag-enrol, maaaring bibigyan ka ng paaralan ng isang alok na kakailanganin mong tanggapin sa loob ng 14 araw o sa lalong madaling panahon.
4. Kung tinanggap na ang iyong aplikasyon at sinang-ayunan mo na ang iyong alok na EOI, mangyaring direktang makipag-ugnay sa paaralan upang bawiin ang enrolment.

## Enrolment ng mga hindi lokal na anak ng mga kawani ng paaralan

**Nag-apply ako na i-enrol ang aking anak sa paaralan kung saan ako ay nagtatrabaho, ngunit tinanggihan ang kanilang aplikasyon. Maaari ko bang muling isumite ang aplikasyon ng enrolment ng aking anak?**

Kung nag-apply ka na i-enrol ang iyong anak sa paaralan kung saan ka nagtatrabaho at tinanggihan ang iyong aplikasyon, maaari kang muling magsumite. Upang gawin ito, mangyaring sundin ang mga hakbang na nakabalangkas sa seksyon sa itaas sa ilalim ng "Paano ko mapalitan kung saan ko na i-enrol ang aking anak para sa 2025?".

### Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon?

**Para sa mga katanungan sa enrolment, makipag-usap sa iyong piniling paaralan. Hanapin ang mga detalye ng pagkontak ng iyong paaralan sa: education.nsw.gov.au/find-a-public-school**

**Para sa karagdagang impormasyon kung paano makapag-enrol sa isang paaralan ng pamahalaan ng NSW: education.nsw.gov.au/enrolment**

**Para sa karagdagang impormasyon kung paano makapag-enrol sa isang paaralan ng pamahalaan ng NSW bilang isang Temporaryong Residente: https://www.deinternational.nsw.edu.au/**

**Para sa pangkalahatang mga katanungan sa enrolment, makipag-usap sa punong tanggapan ng Department of Education: 1300 679 332**

**Telephone Interpreter Service (Serbisyo ng Pag-iinterprete sa Telepono)**

Kung kailangan mo ng isang interpreter upang makatulong sa iyo na makipag-ugnay sa isang paaralan o sa Department of Education, pakitawagan ang Telephone Interpreter Service sa 13 14 50 at humingi ng isang interpreter sa iyong wika. Sabihin sa operator ang numero ng telepono na gusto mong matawagan at kukuha ang operator ng isang interpreter sa linya upang matulungan ka sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito.